
Pagsusulit 3

1. Tukuyin ang uri ng Teoryang Pampanitikan batay sa kahulugan:
Ipinamamalas nito ang karanasan o kasagsagan sa buhay ng may-akda.

answer choices

- Realismo
- Bayograpikal
- Marxismo
- Sosyolohikal

2. Tukuyin ang uri ng Teoryang Pampanitikan batay sa kahulugan:
Isinasaad ng teoryang ito na higit na mahalaga ang katotohanan kaysa kagandahan.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Realismo
- Sosyolohikal

LIVEWORKSHEETS

3 Tukuyin ang uri ng Teoryang Pampanitikan batay sa kahulugan:

Layunin ng teorya na ito na ipakita ang kalagayan at suliraning panlipunan ng lipunang kinabibilangan ng may-akda.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Sosyolohikal
- Marxismo

4 Tukuyin ang uri ng Teoryang Pampanitikan batay sa kahulugan:

Ipinakikita ng teoryang ito ang tunggalian o labanan ng dalawang magkasalungat na puwersa.

answer choices

- Bayolohikal
- Marxismo
- Sosyolohikal
- Realismo

LIVEWORKSHEETS

5 Tukuyin ang uri ng teoryang pampanitikan batay sa halimbawa:

Q. Gaano man kahirap ay buong tapang na ipinagtanggol ng mga sundalo ang bayan ng Maguindanao laban sa mga teroristang nais manggulo sa lalawigang iyon.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Realismo
- Sosyolohikal

6 Tukuyin ang uri ng teoryang pampanitikan batay sa halimbawa:

Q. Dahil sa labis na kahirapan, hindi na niya nagawa pang palayain ang sarili mula sa pagkakabilanggo dahil idiniin na siya bilang salarin sa pagnanakaw sa isang kilalang pamilya na may mataas na estado sa lipunan.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Realismo
- Sosyolohikal

LIVEWORKSHEETS

**7** Tukuyin ang uri ng teoryang pampanitikan batay sa halimbawa:

Q. Isinulat ni Maya Angelou ang tulang Ang Ibong Nakahawla upang maisalamin ang kalagayan niya at ng mga gaya niyang African-American na itinuturing na alipin ng mga Amerikano.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Realismo
- Sosyolohikal

**8** Tukuyin ang uri ng teoryang pampanitikan batay sa halimbawa:

Inilarawan ng may-akda ang Maynila bilang isang magulo, madumi, maingay, at pinakaabalang siyudad sa buong Pilipinas.

answer choices

- Bayograpikal
- Marxismo
- Realismo
- Sosyolohikal

LIVEWORKSHEETS

9 Q. Ang layunin ng panitikan ay ipakita na may kalayaan ang tao na pumili o magdesisyon para sa kapakanan ng madami na siyang pinakasentro ng kamatayan sa mundo o pagkabuhay sa mundo

answer choices

- Teoryang Humanismo
- Teoryang Realismo
- Teoryang Eksistensyalismo
- Teoryang Feminismo

Q. Ipinapakita na ang tao ang simula ng mundo. Binibigyang-tuon ang kalakasan at mabubuting katangian ng tao.

10 answer choices

- Teoryang Humanismo
- Teoryang Realismo
- Teoryang Eksistensyalismo
- Teoryang Feminismo

LIVEWORKSHEETS

11. Ang buong klase ay pinayuhang pumunta **sa loob ng bulwagan** upang dumalo sa pagpupulong.

answer choices

- Komplemento/Kaganapan (Ganapan)
- Komplemento/Kaganapan (Sanhi)
- Komplemento/Kaganapan (Direksyunal)
- Komplemento/Kaganapan (Layon)

12. Dahil sa kaba, hindi ko maayos na nabigkas ang **aking talumpati** sa harap ng klase.

answer choices

- Atribusyon o Modipikasyon
- Pariralang Nagpapahayag ng Pagmamay-ari
- Pariralang Lokatibo o Panlunan
- Kaganapan o Komplemento (Sanhi)

LIVEWORKSHEETS

13

Q. Si Dr. Jose P. Rizal **pala** ang may akda ng tanyag na nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

answer choices

- Ingklitik
- Pang-abay
- Komplemento o Kaganapan
- Panaguri

14

Tuwing araw ng Linggo, ang buong pamilya ni Joseph ay pumupunta **sa parke sa Maynila** upang masulit ang araw na sila ay magkakasama.

answer choices

- Komplento/Kaganapan (Ganapan)
- Komplento/Kaganapan (Direksyunal)
- Pariralang Lokatibo/Panlunan
- Atribusyon o Modipikasyon

LIVEWORKSHEETS

15

Q. Sinulat ng **mga mag-aaral** ang mga aralin na nakapaskil sa kanilang pisara.

answer choices

- Komplemento/Kaganapan (Tagaganap)
- Komplemento/Kaganapan (Tagatanggap)
- Komplemento/Kaganapan (Layon)
- Komplemento/Kaganapan (Sanhi)

16

Q. Si Hazel ay **mahusay na nagtalumpati** sa buong paaralan sa araw ng kanilang pagtatapos.

answer choices

- Komplemento/Kaganapan (Layon)
- Atribusyon o Modipikasyon
- Ingklitik
- Pang-abay

LIVEWORKSHEETS